# 特別支援教育就学奨励費のお知らせ
## PABATID PARA SA ESPESYAL NA TULONG-PANANALAPI SA PAG-AARAL

Maaaring gamitin ang sistemang 「Espesyal na Tulong-Pananalapi sa Pag-aaral」 ng pamilya /sambahayan na mayroong anak na may kapansanan na nag-aaral sa isang Special Class sa elementarya at junior high school para makatanggap ng tulong-pananalapi sa mga gastusin sa mga kagamitan sa pag-aaral, pananghalian sa paaralan at iba pa, depende sa kita/sahod ng padre de pamilya.

### 対象者/Mga Mag-aaral na Kabilang sa Pagtanggap ng Tulong Pananalapi sa Pag-aaral

Napapailalim sa alinman sa sumusunod na bilang 1 ～ 3

1 Mga batang mag-aaral na may kapansanan na pumapasok sa klase para sa mga batang nangangailangan ng espesyal na pag-aasikaso at pagtulong sa pag-aaral (special class). (特別支援学級/Tokubetsu Shien Gakkyuu)

2 Mga batang mag-aaral na di-malubha o bahagya ang kapansanan na pumapasok sa pangkaraniwang klase at lumilipat ng silid-aralan para sa isang espesyal na klase depende sa pangangailangan sa pag-aaral. (通級指導教室/Tsuukyuu Shidou Kyoushitsu/Classroom for Special Educational Support for the Impaired) (Mga mag-aaral na hindi napapabilang sa bilang ３. Ang maipagkakaloob lamang ay ang nagastos sa pamasahe (pamasahe sa pagpasok sa paaralan)).

※ Kabilang din dito ang mga mag-aaral sa 通級指導教室/Tsuukyuu Shidou Kyoushitsu/Classroom for Special Educational Support for the Impaired) na nasa special school na nasasakupan ng lalawigang Aichi (県立特別支援学校/Kenritsu Tokubetsu Shien Gakkou).

3 Sa mga mag-aaral na kabilang sa pangkaraniwang klase (kasama ang mga mag-aaral ng Tsuukyuu Shidou Kyoushitsu), mga mag-aaral na ang bigat ng kapansanan ay napapasailalim o nakasaad sa School Education Law Enforcement Ordinance Article 22-3 (Pagpapatupad sa Kautusan Artikulo 22-3 ng Batas sa Edukasyong Pampaaralan). (Sumangguni lamang sa likurang pahina ng papel para sa mga detalye.)

### 補助対象の経費/Mga Gastusin na Saklaw ng Tulong-Pananalapi sa Pag-aaral

| 区　分/Klasipikasyon | 小　学　校/Elementarya | 中　学　校/Junior High School |
|---|---|---|
| ① School Lunch/Pananghalian sa Paaralan | actual expense × １／２ | actual expense/ 実　費　額×１／２ |
| ② Transportasyon (Pamasahe sa Pagpasok) | actual expense/gastusin (注 1) | actual expense（注 1） |
| ③ Transportasyon sa oras na may mga Gawain sa Pagpapalitan ng Pag-aaral (Educational Exchange Activities) | actual expense/gastusin (注 1) | actual expense（注 1） |
| ④ Bayad sa Ikskursyon/Field Trip | actual expense × １／２ (Max.１０，７９０ 円) | actual expense × １／２ (Max. ２８，８６０ 円) |
| ⑤ Bayad sa Panlabas na mga Gawain/Outdoor Activities (kasama ang lugar na panunuluyan/ hotels) | actual expense × １／２ (Max. 5,199 円) | actual expense × １／２ (Max. 5,376 円) |
| ⑥ Bayad sa Panlabas na mga Gawain/Outdoor Activities (hindi kasama ang lugar na panunuluyan) | actual expense x 1/2 (Max.８００ 円) | actual expense x 1/2 (Max.１，１５５ 円) |
| ⑦ Pambili ng mga kagamitan sa pag-aaral・kagamitan na gagamitin sa oras ng pagpasok sa paaralan | ５，８２０ 円(注２) | １１，３７０ 円(注２) |
| ⑧ Pambili ng mga kagamitan sa pag-aaral・kagamitan na gagamitin sa oras ng pagpasok sa paaralan ng mga bagong pasok na mag-aaral (para lamang sa mga mag-aaral na nasa 1 (unang) baitang /antas) | ２８，５３０円(注２) | ３１，５００ 円(注２) |
| ⑨ Bayarin para sa internet connection sa online study (Klasipikasyon sa pag-apruba na para lamang sa nibel Ⅰ) | actual expense × １／２ (注 3) (Max.7，０００円) | actual expense x １/２ (注 3) (Max.7，０００円) |

（注1） Kung ika-3 nibel/第Ⅲ段階 ang naging 認定段階/Nibel ng Sertipikasyon sa Pagtanggap para sa bilang ②③, ang pagsasauli ng nagugol na halaga ng pera ay batay sa komputasyon na 「実費額/actual expense×1／2」. Sa pangkahalatan, ang saklaw na halaga ng transportasyon sa pagpasok sa school ay ang paggamit ng pinakamatipid na pangkaraniwang ruta at pamamaraan ng pampublikong transportasyon. Makipag-ugnayan lamang kung mayroon kayong naiibang kalagayan.

（注 2） Simula sa taon 2024(Reiwa 6) ay magbabago at nakatakda na ang mga halaga na ibabayad sa lahat ng gastusin kung kaya't hindi na kailangan pang magsumite ng mga resibo ng mga gastusin .

（注 3） Ito ay para sa mga pamilya na nagkaroon ng gastusin sa internet connection, dahil sa pagbili ng internet router (wifi)・bayad sa pag-aarkila (rental fee) na kakailanganin sa online study ng mga bata/mag-aaral gamit ang ipinahiram na tablet terminal ng paaralan. Kakailanganing magpasa ng mga papeles na magpapatunay o magpapakita sa pagbalikat ng mga gastusin (kontrata atbp.) upang makatanggap ang halaga na binayaran sa sa pagbili ng internet router・bayad sa pag-aarkila (rental fee).

**認定段階の算定基準と補助経費/Pamantayan ng Pagkakalkula ng Antas (Level) ng Sertipikasyon sa Pagtanggap at Tulong-Pananalapi sa Gastusin**

Ang pagdidisisyon ng Nibel sa Pagtanggap ng Tulong-Pananalapi (para sa panggastos) ay batay sa porsiyento ng halaga ng kita o sahod ng padre de pamilya at halaga ng pangkabuhayang benepisyong pamantayan ng pangangailangan (Welfare Benefits Standard Demand). Mayroong pagkakaiba sa tulong-pananalapi sa panggastos at halaga ng perang matatanggap batay sa nibel. Ang Nibel sa Pagtanggap ng Tulong-Pananalapi ay pinagdidisisyunan sa bawat taon.

| 認定段階<br>**Kategorya ng Sertipikasyon sa Pagtanggap** | 算定基準/**Pamantayan ng Pagkakalkula** | 補助対象の経費<br>**Takdang Gastusin (Halaga) para sa Tulong-Pananalapi** |
|---|---|---|
| Ⅰ | Halaga ng kita/sahod ay mas mababa ng １．５Ｘ sa halaga ng pangangailangan | ①～⑨ |
| Ⅱ | Halaga ng kita/sahod ay higit pa ng １．５Ｘ ngunit mas mababa ng ２．５Ｘ sa halaga ng pangangailangan | ①～⑧ |
| Ⅲ | Halaga ng kita/sahod ay higit pa ng ２．５Ｘ sa halaga ng pangangailangan | ②、③ |

## 第Ⅰ・Ⅱ段階の目安（生活保護基準需要額の２．５倍未満の所得額）

**Ika Ⅰ・Ⅱ Antas ng Pamantayan (Ang kita o sahod ay mas mababa ng ２．５Ｘ sa halaga ng pangkabuhayang benepisyong pamantayan ng pangangailangan)**

Ang mga sumusunod ay hinggil sa pagkakalkula ng halaga ng kita. Bagaman pareho ang bilang ng miyembro ng pamilya, may pagkakaiba sa halaga ng kita o sahod; depende sa edad o gulang ng binubuong mga miyembro ng pamilya.

| 世帯人数<br>**Bilang ng Katao sa Sambahayan** | 世帯の所得額（給与所得者の年収）<br>**Kita/Sahod ng Padre de Pamilya** | （給与所得者の年収）<br>**(Kita/Sahod sa Isang Taon)** |
|---|---|---|
| ２人/Katao | ￥6,000,000 | (￥7,900,000) |
| ３人 | ￥7,000,000 | (.￥9,000,000) |
| ４人 | .￥7,900,000 | (.￥10,000,000) |
| ５人 | ￥8,400,000 | .￥10,500,000) |
| ６人 | .￥9,300,000 | (.￥11,400,000) |

**Bukod sa sistemang「特別支援教育就学奨励費/Espesyal na Tulong-Pananalapi sa Pag-aaral」para sa mga mag-aaral na may kapansanang, mayroon ding sistemang「就学援助/Tulong-Pananalapi sa Pag-aaral」na para sa mga taong may suliranin sa pananalapi na nagbibigay ng tulong sa pagbabayad ng mga bayarin sa pananghalian, kagamitan sa pag-aaral at iba pa. Sapagkat lubos na bukampalad ang 就学援助/Tulong-Pananalapi sa Pag-aaral ay inirerekomenda namin para sa mga taong mapapasailalim sa sistemang 「就学援助/Tulong-Pananalapi sa Pag-aaral」na magpasa ng aplikasyon dito. Kung sakaling naaprobahan ang 就学援助/Tulong-Pananalapi sa Pag-aaral , bilang alituntunin, makakatanggap ng tulong-pananalapi sa mga bayarin sa iba pang mga gastusin maliban sa ③ transportasyon (pamasahe) sa oras na may mga Gawain sa Pagpapalitan ng Pag-aaral (Educational Exchange Activities).**

Batayan sa pagdedesisyon sa kaurian o kategorya ng bigat o kalubhaan sa kapansan at iba pa ayon sa School Education Law Enforcement Ordinance Article 22-3 (Pagpapatupad sa Kautusan Artikulo 22-3 ng Batas sa Edukasyong Pampaaralan) (tinutukoy ang mga mag-aaral na kabilang sa 3 na nasa harapang pahina o unahang bahagi ng papel) sa mga mag-aaral na nasa pangkaraniwang klase o seksyon (kasama ang mga mag-aaral na nasa 通級指導教室/Tsuukyuu Shidou Kyoushitsu (Classroom for Special Educational Support for the Impaired/ Klase para sa mga may Kapansanan na mga Mag-aaral na Nangangailangan ng Espesyal na Pagsuporta sa Kanilang Pag-aaral).

| 区分<br>Klasipikasyon | 障害の程度<br>Bigat o Lubha ng Kapansanan<br>（学校教育法施行令第２２条の３の規定による基準）<br>(Batayan na ayon sa itinakda ng School Education Law Enforcement Ordinance Article 22-3) | 判定方法<br>Pamamaraan ng Pagpapasiya/ Pagdedesisyon | 必要書類<br>Kinakailangang mga Papeles/Dokumento |
|---|---|---|---|
| 視覚障害者<br>May kapansanan sa paningin | Sa mga bata o mag-aaral na kabilang sa mga may kapansanan sa paningin na ang grado ng paningin kahit na nakasalamin pa sa mata ay mababa pa sa 0.3; at bukod dito ay mabigat o malubha ang kapansanan ng gamit o galaw ng mga mata, na kahit pa gumamit ng lente (magnifying glass) ay <u>kapansin-pansin na nahihirapang</u>※ maaninag at imposibleng mabasa o makilala ang mga letra, hugis at iba pa.<br>※ Nangangailangan ng higit na oras upang makilala o mabasa ang mga pangkaraniwang mga letra, hugis at iba pa; at sa oras ng pagtuturo sa lahat ng asignatura ay nangangailangan ng espesyal na pagsuporta at pagsasaalang-alang. Bukod dito ay kakailanganin ng mapamaraan・patuloy na espesyal na pagtuturo upang mapabuti・mapaglabanan ang kapansanan. | Ang naging resulta ng pagsusuri ng doktor sa mga mag-aaral na may kapansanan na kabilang ang uri (rank) ng Shintai Shougaisha Techou (身体障害者手帳/Handicap Handbook) na mas mataas pa sa ika-2 uri （2 級） o di kaya'y nasa ika-3 ～ 6 na uri (3 ～ 6 級) ay umaayon sa batayan na nasa kaliwa. | ① Kopya ng Shintai Shougai Sha Techou<br>② Sertipikasyong Medikal （診断書/Shindan Sho）mula sa doktor (ayon sa takdang Papel ng Lunsod ng Nagoya)<br>(② kailangan lamang kung ang uri (rank) ng Shintai Shougai Sha Techou ay mula ika-3 ～ 6) |
| 聴覚障害者<br>May kapansanan sa pandinig | Sa mga bata mag-aaral na kabilang sa may kapansanan sa pandinig na ang nibel ng lakas ng pandinig ng dalawang tainga ay mahigit pa sa 60 decibel na kahit na may "hearing aid" at "Cochlear Implant" pa ay imposible at kapansin-pansin na nahihirapang maunawaan ang pangkaraniwang pag-uusap. | | |
| 知的障害者<br>May kapansanan sa pag-iisip | 1 Mga bata o mag-aaral na may pagkahuli o kabagalan sa pag-unlad ng pag-iisip, nahihirapang makipag-unawaan sa ibang tao at palaging nangangailangan ng pagsuporta upang makapamuhay sa araw-araw. | Ang naging resulta ng desisyon para sa pagpapagamot | 愛護手帳の写し (Aigo Techou no Utsuchi/Kopya ng AigoTechou |

| | | | |
|---|---|---|---|
| (may kabagalan ang pag-unlad ng pag-iisip | 2 Sa mga bata o mag-aaral na kabilang ang bigat o kalubhaan ng pagkahuli o kabagalan sa pag-unlad ng pag-iisip na hindi umabot sa libel 1 at kapansin-pansin na nahihirapang makibagay sa panlipunang pamumuhay | pangangalaga sa kalusugan, pagpapalalaki na nasa AigoTechou (愛護手帳) ay A | |
| 肢体不自由者<br>May Kapansanan sa Bisig, Braso o Paa<br>(May Kapansanan Sa Panganga-tawan) | 1 Mga bata o mag-aaral na ang kalagayan ng kapansanan sa pangangatawan kahit na may pantulong o pangsuporta pang kagamitan ay imposible o nahihirapang maisagawa ang mga galaw at kilos na paglakad※, pagkain, pagbibihis at paghuhubad ng kasuotan, pag-ihi't pagdumi at pagsasagawa ng mga payak na gawain sa pag-aaral gaya ng pagguhit ng larawan (drawing) at iba pa.<br>2 Sa mga bata o mag-aaral na kabilang ang bigat o kalubhaan ng kapansanan sa pangangatawan na hindi umabot sa libel 1 at nangangailangan ng palagiang pagmamatyag at pamamatnubay pangmedikal ※2<br>※1 Ang pamantayan ng mga pang-araw-araw na pagkilos ay ang paglakad (Hindi kabilang ang pagkilos na gamit ang wheel chair.), simula sa pagsulat, pagkain, pagsuot at paghubad ng damit, pagpunta sa kasilyas (pag-ihi at pagdumi) at mga gawain sa pag-aaral gaya ng pagguhit (drawing) atbp.<br>※2 Ang palagiang pagmamatyag at pamamatnubay pangmedikal ay ang pangangailangan ng palagiang pagmamatyag at pamamatnubay pangmedikal sa naturang panahon upang maturuan・mapagsanay sa pang-araw-araw na pag-ehersisyo・pagkilos mula sa paggising sa umaga hanggang sa pagtulog sa gabi.) | Ang naging resulta ng pagsusuri ng doktor sa mga mag-aaral na may kapansanan na kabilang ang uri (rank) ng Shintai Shougaisha Techou (身体障害者手帳/ Handicap Handbook) na mas mataas pa sa ika-2 uri (2 級) o di kaya'y nasa ika-3 ～ 6 na uri (3 ～ 6 級) ay umaayon sa batayan na nasa kaliwa. | ① Kopya ng Shintai Shougai Sha Techou<br>② Sertipikasyong Medikal (診断書/Shindan Sho) mula sa doktor (ayon sa takdang Papel ng Lunsod ng Nagoya)<br>(② kailangan lamang kung ang uri (rank) ng Shintai Shougai Sha Techou ay mula ika-3 ～ 6) |
| 病弱者<br>Masasakitin o Mahina ang Panganga-tawan | 1 Mga bata o mag-aaral na mayroong matagal nang karamdaman sa paghinga (respiratory disease), sa bato (kidney disease) at sakit sa nerbiyo neurological disorder), malubhang pagtubo at paglaki ng selula sakatawan (malignant neoplasm progression) at iba pang mga karamdaman na patuloy ang mga sintomas at nangangailangan ng pagpapagamot※2 o hindi kaya'y pangangasiwa sa pang-araw-araw na pamumuhay.※2 .<br>2 Mga bata o mag-aaral na mahina ang kalagayan ng katawan at kinakailangan ng pangangasiwa sa pang-araw-araw na pamumuhay.※2 .<br>※1 Pagpapatingin at pagpapagamot sa isang doktor o nasa ilalim ng pangangalaga ng isang doktor. Hindi kabilang dito ang pag-inom ng pangkaraniwan o pang-araw-araw na gamot at pag-iiniksiyon sa sarili at iba pa.<br>※2 Sanhi ng taglay na karamdaman ay mayroong ipinagbabawal o limitasyon sa pag-eehersisyo, bawat pagkilos o paggalaw sa araw-araw (gaya ng paglakad, pagligo, pagbabasa, pag-aaral at iba pa) , uri at dami ng pagkain. | Umaayon sa batayan na nasa kaliwa at sa naging resulta ng pagsusuri ng doktor | Sertipikasyong Medikal (診断書/ Shindan Sho) mula sa doktor (ayon sa takdang Papel ng Lunsod ng Nagoya) |

※ Ang magiging batayan sa pagdedesisyon para sa mga bata o mag-aaral na marami ang taglay na kapansanan ay ayon sa ang pinakamalubhang taglay na kapansanan.

【Proseso/Pamamaraan】

★Para sa mga mag-aaral na nasa 特別支援学級/Tokubetsu Shien Gakkyuu at 通級指導教室/Tsuukyuu Shidou Kyoushitsu/Classroom for Special Educational Support for the Impaired), magmula sa unang bahagi ng buwan ng Hunyo ay aming kayong papatnubayan para sa detalyadong pamamaraan ng pagpapasa ng aplikasyon.

★At para sa iba pang mag-aaral na nagnanais na makatanggap ng nasabing tulong-pananalapi ay makipag-ugnayan lamang sa paaralan. At kung kinakailangan ng sertipikasyon mula sa doctor ay humingi lamang ng mga kinakailangang papeles sa paaralan at dalhin ito sa klinika o ospital at magpagawa o magpasulat ng sertipikasyo ng pagpapatingin sa doctor.

Magtanong lamang sa pinapasukang paaralan ng inyong anak o sa 名古屋市教育委員会学事課/Nagoya-Shi Kyouiku Iin Kai Gakuji Ka/Sangay para sa Pampaaralang Gawain ng Komite sa Edukasyon ng Lunsod ng Nagoya（℡９７２-３２１７）, para sa higit na detalyadong nilalaman ng sistema.

名古屋市教育委員会/Nagoya-shi　Kyouiku iin Kai　 R7.5